Internet Rights & Principles Coalition

10 KARAPATAN AT PRINSIPYONG PANG-INTERNET

Itinatalaga ng dokumentong ito ang sampung mahahalagang karapatan at prinsipyo na dapat maging basehan ng pamamahala ng Internet. Tinipon ito ng Internet Rights and Principles Dynamic Coalition (IRP), isang bukas na network/ugnayan ng mga indibidwal at samahan na nagsusulong ng karapatang pantao sa larangan ng Internet. Ang mga prinsipyong nakasaad ay nakaugat sa mga pandaigdigang pamantayan ng karapatang pantao, at hango sa Kartilya ng Karapatang Pantao at Prinsipyo ng Internetng nasabing Koalisyon.

Ang Internet ay nagbibigay ng mga natatanging oportunidad upang magkaroon ng kaganapan ang karapatang pantao, at tumitindi ang kahalagahan nito sa sa ating pang-araw-araw na buhay. Kaya napakahalaga para sa lahat ng aktor, pampribado man o pampubliko, na galangin at protektahan ang karapatang pantao sa Internet. Kailangan din ng mga hakbang upang ang internet ay gumana at umunlad sa paraang magpapahalaga at magpapatupad ng karapatang pantao hanggang sa maari. Upang maisabuhay itong Internet na ito na nakaugat sa mga karapatan, ang sampung Karapatan at Prinsipyo ay:

1) UNIBERSALIDAD AT PAGKAKAPANTAY-PANTAY Ang lahat ng tao ay ipinanganak na malaya at pantay-pantay sa dignidad at karapatan, na dapat galangin, protektahan at bigyang-kaganapan sa larangang onlayn (online).

2) KARAPATAN AT KATARUNGANG PANLIPUNAN Ang Internet ay isang larangan para sa pagsulong, pagtanggol, at pagbibigay-kaganapan ng karapatang pantao at katarungang panlipunan. Tungkulin ng lahat na galangin ang karapatang pantao ng iba sa larangang onlayn (online).

3) AKSESIBILIDAD (O KARAPATAN NG LAHAT SA PAGGAMIT) Ang lahat ng tao ay may pantay na karapatan para makapasok at magamit ang isang Internet na bukas at may seguridad.

4) PAMAMAHAYAG AT PAGBUBUKLOD Ang lahat ay may karapatang malayang maghanap, makatanggap, at magbahagi ng impormasyon sa Internet, na walang pagharang o anupamang balakid. Ang lahat din ay may karapatang malayang magbuklod sa, at sa pamamagitan ng Internet, para sa mga layuning panlipunan, pampulitika, pangkalinangan at iba pa.

5) PAGKA-PRIBADO ("PRIVACY") AT PROTEKSYON NG DATOS ("DATA PROTECTION") Ang lahat ay may karapatan sa pagiging pribado habang onlayn (online). Kaakibat nito ay ang kalayaan sa pagmamanman ("surveillance"), ang karapatang isalin ang datos sa lihim na kodigo/enkripsyon ("encryption"), at ang karapatan magpaliban ng pangalan o lagda ("anonymity") sa larangang onlayn (online). Ang lahat ay mayroon ding karapatan sa proteksyon ng kanyang personal na datos, kasama na ang kontrol sa koleksyon, pagtago ("retention"), pagproseso, pagsasabasura ("disposal"), at paglalahad ("disclosure") nito.

6) BUHAY, KALAYAAN, SEGURIDAD Ang mga karapatan sa buhay, kalayaan at seguridad ay dapat galangin, protektahan, at bigyang-kaganapan sa larangang onlayn (online). Di maaring labagin ang mga karapatang ito, o gamitin upang labagin naman ang iba pang mga karapatan, sa larangang onlayn (online).

7) PAGKAKAIBA-IBA ("DIVERSITY") Ang pagkakaiba natin sa Internet sa larangan ng kalinangan at wika ay dapat isulong, at dapat linangin ang kakayanan nating magpabago ("innovate") sa teknikal o pampatakarang antas upang bigyang-daan ang pluralismo sa pamamahayag.

8) PAGKAKAPANTAY-PANTAY SA NETWORK ("NETWORK EQUALITY") Ang lahat ay may karapatan sa pangkalahatan at bukas na paggamit sa lahat ng nilalaman ("content") ng Internet, na malaya sa di-pantay ng prayoritisasyon ("discriminatory prioritization"), pagsasala ("filtering") o pagkontrol sa pagdaloy ng trapikong Internet, sa kadahilanang komersyal, pulitikal, at iba pa.

9) MGA PAMANTAYAN AT REGULASYON Ang arkitektura ng Internet, pati na ang kanyang mga sistemang pangkomunikasyon at mga format ng dokumento at datos ay dapat nakabase sa mga bukas na pamantayan ("open standards"), na magtitiyak ng pangkalahatang paggana sa iba't-ibang sistema ("interoperablity"), pangkalahatang saklaw ("inclusion"), at pantay na pagkakataon para sa lahat.

10) PAMAMAHALA Ang karapatang pantao at panlipunang katarungan ang dapat maghubog ng mga pundasyong legal at normatibo ("normative") ng Internet upang maging batayan kung paano ito tatakbo at pamamahalaan. Ang lahat ng ito ay dapat mangyari sa isang bukas at malinaw ("transparent) na paraan na sinang-ayunan ng maraming panig ("multilateral"), at nakabatay sa mga prinsipyo ng kabukasan ("openness"), partisipasyon ng lahat, at pananagutan sa lahat ("accountability").

MAKILAHOK SA PAGPAPAUNLAD NG KARTILYA NG IRP SA WWW.IRPCHARTER.ORG, SUNDAN KAMI SA TWITTER (@NETRIGHTS), O SUMALI SA FACEBOOK PAGE NG INTERNET RIGHTS AND PRINCIPLES GROUP.